# Programang Parole para sa mga Pilipinong Beterano ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig (FWVP)

Ang Programang Parole para sa mga Pilipinong Beterano ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig (FWVP), epektibo noong ika-8 ng Hunyo, 2016, ay nagpapahintulot sa natukoy na karapat-dapat na mamamayan ng Estados Unidos at mga permanenteng residente ayon sa batas (mga LPR) na humiling ng parole para sa kanilang mga karapat-dapat na miyembro ng pamilya.

- Kung naaprubahan para sa parole, makakasamang muli ng iyong karapat-dapat na mga miyembro ng pamilya ang mga miyembro ng pamilya sa Estados Unidos bago makuha ang kanilang mga immigrant visa at mag-aplay para sa awtorisasyong makapagtrabaho.

Ang pahinang ito ay nagbibigay ng karagdagang impormasyon sa:

- Mga Kahulugan;
- Elihibilidad para sa programa;
- Paghiling ng parole sa ilalim ng Programang FWVP;
- Pagproseso ng iyong aplikasyon;
- Interbyu ng benepisyaryo;
- Proseso pagkatapos ng interbyu;
- Ano ang kahulugan ng pagiging parolee; at
- Pagprotekta ng sarili mula sa pandaraya.

## Mga Kahulugan

Ang mga kalahok sa Programang FWVP ay kinabibilangan ng:

| Termino | Depinisyon |
|---|---|
| Nagpepetisyon | Ang Pilipinong Beterano ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig (WWII) o kaniyang naiwang asawa na isang mamamayan ng Estados Unidos o permanenteng residente ayon sa batas (LPR) na naninirahan sa Estados Unidos. Kung ang Pilipinong beterano ng WWII o ang kanyang asawa ay parehong pumanaw na, ang mga natukoy na benepisyaryo ng inaprubahan o muling ibinalik na mga Porma I-130, ay maaaring humiling ng parole sa ngalan nila. Ito ay |

| | |
|---|---|
| | tinatawag na pagpepetisyon sa sarili.<br><br>Ang mga kwalipikadong nagpepetisyon lamang ang maaaring mag-file ng mga aplikasyon para sa mga benepisyo sa ilalim ng Programang FWVP. Ang mga kwalipikadong nagpepetisyon ay dapat na tumugon sa mga pangangailangan para sa mga nagpepetisyon. |
| Mga Benepisyaryo | Ang miyembro ng pamilyang maaaring makinabang mula sa mga petisyon ng kamag-anak (Porma I-130) na nai-file sa ngalan nila at maaaring mai-parole sa Estados Unidos kung naaprubahan sa ilalim ng Programang FWVP.<br><br>Kabilang sa mga benepisyaryo ang mga pangunahing benepisyaryo, deribatibong benepisyaryo at dagdag na mga deribatibong benepisyaryo. |
| Pangunahing Benepisyaryo | Ang miyembro ng pamilya na para kaninong ang Porma I-130 ay nai-file.<br><br>Halimbawa, ang pangunahing benepisyaryo ay maaaring isang asawa o anak ng LPR na hindi pa kasal, o isang anak na may sapat na gulang, kasal nang anak, o kapatid ng mamamayan ng Estados Unidos. |
| Mga Deribatibong Benepisyaryo | Ang asawa ng pangunahing benepisyaryo, mga anak na hindi kasal na mas bata pa sa edad na 21. Sila rin ay maaaring malista sa naaprubahang Porma I-130.<br><br>Ang mga benepisyaryong ito ay maaaring maging karapat-dapat para sa parole base sa kanilang kaugnayan sa pangunahing benepisyaryo. Kung ang pangunahing benepisyaryo ay hindi naaprubahan para sa parole, ang mga deribatibong benepisyaryo |

| | |
|---|---|
| | ay hindi maaaprubahan. |
| Dagdag na Deribatibong Benepisyaryo | Sa mga natukoy na kalagayan, kung ang pangunahing benepisyaryo ay nagpakasal o nagkaanak mula nang maaprubahan ang Porma I-130, ang asawa o ang anak na iyon na hindi kasal na mas bata pa sa 21 ay maaaring maging isang deribatibong benepisyaryo at maging karapat-dapat para sa parole batay sa kanilang kaugnayan sa pangunahing benepisyaryo. |

## Elihibilidad para sa Programa

### Sino ang Karapat-dapat na Humiling ng Parole

Ikaw ay maaaring maging karapat-dapat na humiling ng parole para sa iyong mga kwalipikadong kamag-anak kung iyong matutugunan ang mga sumusunod na pangangailangan:

- Ikaw ay isang mamamayan ng Estados Unidos o LPR na naninirahan sa Estados Unidos;
- Napatunayan mong ikaw ay isang Pilipinong beterano ng WWII (gaya ng naipakahulugan sa ilalim ng seksyon 405 ng IMMACT90) gaya ng nabago ng Seksyon 112 ng Batas ng mga Paglalaan ng Kagawaran ng Hustisya, 1998,) o ang naiwang asawa ng naturang indibidwal;
- Ikaw, ang Pilipinong beterano ng WWII o naiwang asawa, ay nag-file ng Porma I-130, Petisyon para sa Dayuhang Kamag-anak, para sa isang miyembro ng pamilya at ito ay inaprubahan noong o bago ang petsa kung kailan ikaw ay nag-file ng kahilingan para sa parole; at
- Ang isang immigrant visa ay hindi pa rin makukuha ng iyong kamag-anak.

Sa mga natukoy na kalagayan, ang mga nagpepetisyon ay maaaring humiling ng parole sa ngalan nila. Mangyaring tingnan ang ***Nagpepetisyon sa Sarili.***

### Mga Kinakailangan para sa Paghiling ng Parole

Ang isang kwalipikadong nagpepetisyon ay maaaring humiling ng parole sa ngalan ng isang miyembro ng pamilya (benepisyaryo) na tumutugon sa mga sumusunod na kriteryo:

- Ang benepisyaryo (kabilang ang sinumang kasamang asawa o anak*) sa Porma I-130 na nai-file ng beterano ng WWII o ng naiwang asawa ng beterano, at ang porma ay naaprubahan noong o bago ang petsa kung saan ang nagpepetisyon ay humiling ng parole; at
- Ang benepisyaryo ay may nagpapakarapat-dapat, ligal na kaugnayan sa beterano ng WWII na umiral noong o bago ang ika-9 ng Mayo, 2016.

*Ang asawa at anak ng pangunahing benepisyaryo na hindi kasal na mas bata sa edad na 21 (kilala bilang mga deribatibong benepisyaryo) ay maaari ring maging karapat-dapat para sa mga benepisyo sa ilalim ng Programang FWVP. Ang mga deribatibong benepisyaryo ay mabibigyan lamang ng konsiderasyon para sa parole kung ang pangunahing benepisyaryo ay naaprubahan para sa parole. Ang mga deribatibong benepisyaryo ay hindi karapat-dapat para sa Programang FWVP sa kanilang sariling paraan.

Kung ikaw ay ang naiwang asawa ng isang Pilipinong beterano ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, ang mga karapat-dapat na mga benepisyaryo ay kinabibilangan lamang ng iyong anak na siyang anak din ng Pilipinong beterano. Kabilang dito ang mga anak sa panguman, lehitimadong mga anak, mga anak na ipinanganak sa labas ng matrimonyo at mga anak na inampon. Ikaw ay maaaring humiling ng parole sa ilalim ng Programang FWVP sa ngalan ng mga indibidwal na ito, kahit na ang naaprubahang Porma I-130 kung saan sila ay ang mga benepisyaryo ay nai-file ng pumanaw na beterano, hangga't ang naturang Porma I-130 ay muling naibalik o kung nakabinbin sa panahon ng pagpanaw ng nagpetisyon, ay sa dakong huli ay inaprubahan ng USCIS.

## Mga Nagpepetisyon sa Sarili

Kung ang Pilipinong Beterano ng WWII at ang asawa ng beterano ay parehong pumanaw na, ang mga natukoy na karapat-dapat na mga indibidwal ay maaari pa ring mapahintulutang maghangad ng parole sa ngalan ng kanilang mga sarili, maliban kung:

- Ang Porma I-130 ay inaprubahan ng USCIS kung saan sila ang pangunahing benepisyaryo habang ang nagpetisyon nabubuhay pa, at pagkatapos ay muling ibinalik ang pag-aapruba pagkatapops ng pagpanaw sa ilalim ng INA 204(l) o 8 CFR 205.1(a)(3)(i)(C)(2); o
- Ang nagpetisyon ay pumanaw na bago inaprubahan ng USCIS ang Porma I-130, ngunit kahit isang benepisyaryo ay nanirahan sa Estados Unidos sa panahon ng pagpanaw ng nagpetisyon at naninirahan pa rin sa Estados Unidos, at inaprubahan ng USCIS ang Porma I-130 sa ilalim INA 204(l).

Sa mga naturang kaso, dapat na patunayan ng nagpepetisyon sa sarili na:

- Siya ay anak o kapatid ng pumanaw na Pilipinong beterano, at ang kaugnayang iyon ay umiral noong o bago ang ika-9 ng Mayo, 2016;
- Ang pumanaw na Pilipinong beterano ay may nagpapakarapat-dapat na serbisyong pangmilitar, gaya nang nabanggit sa itaas, at naninirahan sa Estados Unidos sa panahon ng pagpanaw; at
- Ang asawa ng Pilipinong beterano ay pumanaw na rin.

**TANDAAN:** Basahin ang karagdagang impormasyon sa kung paano humiling ng makataong muling pagbabalik para sa nakaraang inaprubahang Porma I-130 na binawi sa pagpanaw ng nagpetisyon ng I-130. Basahin ang karagdagang impormasyon sa pangunahing elihibilidad sa paghahangan ng kaluwagan bilang isang naiwang kamag-anak kapag kahit isang benepisyaryo ay naninirahan sa Estados Unidos.

## ILAKIP DITO ANG TSART NA "SINO ANG KARAPAT-DAPAT PARA SA FWVP"

### Mga Pilipino sa Estados Unidos

Habang ang Programang FWVP ay nakalaan para sa mga miyembro ng pamilyang nasa labas ng Estados Unidos, ang natukoy na mga kamag-anak sa Estados Unidos ay maaaring makinabang sa programa. **NGUNIT**, kung ang sentro ng serbisyo ay nag-aapruba sa iyong aplikasyon nang may kundisyon, ang iyong kamag-anak ay kinakailangang umalis ng Estados Unidos at lumalabas na nasa ibang bansa sa kanyang napiling tanggapan ng USCIS o sa isang Embahada o Konsulado ng Estados Unidos upang ma-interbyu ng isang USCIS o opisyal ng Kagawaran ng Estado. Kung natagpuang karapat-dapat, ang iyong kamag-anak ay mai-isyuhan ng isang dokumento sa paglalakbay upang mapahintulutan ang iyong kamag-anak na maglakbay sa Estados Unidos at humiling ng parole mula sa opisyal ng U.S. Customs and Border Protection (CBP) sa puwerto ng pagpasok. Ang CBP ay magrerepaso sa mga documento at, sa pagpalagay na ang lahat ay nasa kaayusan, ay magpa-parole sa iyong kamag-anak sa Estados Unidos. Kung hindi natagpuang karapat-dapat na maglakbay, kami ay magpapadala ng nakasulat na notipikasyon sa nagpepetisyon para sa Programang FWVP.

Depende sa estado ng individwal sa Estados Unidos, ang pag-alis sa Estados Unidos ay maaaring humantong sa mga seryosong pang-imigrasyong kahihinatnan. Bago gawin ang ganitong opsyon, ang mga indibidwal ay hinihikayat na kumunsulta sa isang mapagkakatiwalaang abugado ng imigrasyon sa potensyal na panganib at benepisyo ng opsyong ito.

Sa alternatibong paraan, ang mga kamag-anak na nasa Estados Unidos ay maaaring maging karapat-dapat para sa parole sa ilalim ng nai-angkop na parole ng USCIS na patakaran para sa mga asawa, anak at magulang ng kasalukuyan o dating mga miyembro ng sandatahang lakas ng Estados Unidos. Tingnan

dito para sa karagdagang impormasyon sa nai-angkop na parole o makipag-ugnay sa iyong lokal na tanggapan ng USCIS sa pamamagitan ng paggawa ng appointment online.

### Sino ang Hindi Karapat-dapat

Ang paglahok sa FWVP ay hindi makukuha ng mga taong kwalipikado bilang mga kamag-anak, dahil sila ay maaaring maghangad ng mga immigrant visa para sa paglalakbay sa Estados Unidos sa oras na ang Porma I-130 ay maaprubahan. Kabilang sa mga kamag-anak na ito ang:

- Mga Asawa ng mga mamamayan ng Estados Unidos;
- Mga anak ng mga mamamayan ng Estados Unidos na hindi kasal na mas bata sa edad na 21; at
- Mga magulang ng mga mamamayan ng Estados Unidos na mas matanda sa edad na 21.

**Tandaan:** Kung ikaw ay benepisyaryo ng naaprubahang Porma I-130, ikaw ay naninirahan sa labas ng Estados Unidos, at ang nagpepetisyon sa iyo sa Estados Unidos ay nabubuhay pa, ikaw ay hindi maaaring humiling ng parole para sa iyong sarili o sa mga miyembro ng iyong pamilya sa ilalim ng Programang FWVP. Ang nagpepetisyon sa iyong nakabase sa Estados Unidos ay dapat na mag-file sa ngalan mo.

### Limit sa Edad para sa mga Deribatibong Benepisyaryo

Walang limit sa edad para sa pangunahing benepisyaryo ng Porma I-130 upang maging karapat-dapat para sa Programang FWVP. Ngunit, ang sinumang deribatibong mga anak ay dapat na maging mas bata sa edad na 21 sa petsa kung saan aming natanggap ang iyong wastong nai-file na aplikasyon upang mabigyan ng konsiderasyon para sa parole sa ilalim ng programang ito. Ang mga Porma I-131 na naisumite para sa mga deribatibong mga anak na nasa edad 21 o mas matanda pa sa petsa kung saan aming natanggap ang wastong nai-file na aplikasyon ay hindi papahintulutan. Hindi namin isasauli ang mga kaakibat na mga kabayaran sa pag-file.  Ipagpapatuloy namin ang pagproseso ng mga aplikasyon para sa sinumang iba pang mga benepisyaryo, kabilang ang pangunahing benepisyaryo at ang kaniyang asawa ay anak na hindi kasal at mas bata sa edad na 21.

### Mga Kalagayan Na Maaaring Makaapekto Sa Elihibilidad

| | |
|---|---|
| **Pagiging isang Mamamayan** | Kung ikaw ay isang LPR at magiging mamamayan ng Estados Unidos |

| | |
|---|---|
| **ng Estados Unidos** | ***pagkatapos*** mong wastong makapag-file ng iyong aplikasyon para sa Programang FWVP, maaari mong piliin ang pagpapatuloy ng pagproseso ng iyong kamag-anak para sa parole. Sa alternatibong paraan, maaari mong piliin ang pagproseso ng iyong kamag-anak para sa mga immigrant visa pagkatapos mong mabayaran ang lahat ng naaangkop na kabayaran para sa immigrant visa.<br><br>Kung ikaw ay naging mamamayan ng Estados Unidos ***bago*** ang iyong paghiling sa parole sa ilalim ng Programang FWVP, tatanggihan namin ang anumang mga aplikasyon na nai-file sa ngalan ng mga "kamag-anak." |
| **Pag-aasawa** | Ang isang pagbabago sa estado ng kasal sa Porma I-130 ng kamag-anak na benepisyaryo ay maaaring makaapekto sa elihibilidad ng iyong kamag-anak para sa Programang FWVP.<br><br>Ang mga kamag-anak na hindi karapat-dapat para sa Programang FWVP kung sila ay kasal ay kinabibilangan ng:<br><br>• Isang anak para kung kanino ang Porma I-130 sa ilalim ng ikalawang preperensyang nakabase sa pamilya ay nai-file. Kung ang iyong anak ay nagpakasal mula ng aming maaprubahan ang Porma I-130, siya hindi na isang anak sa ilalim ng INA at samakatwid ay hindi karapat-dapat na makinabang sa petisyon ng visa. Ang ikalawang preperensya ay makukuha ng mga LPR na nagnanais na madala sa Estados Unidos ang mga asawa at mga anak na hindi kasal, na hindi alintana ang edad ng mga anak.<br><br>• Ang isang anak ng pangunahing benepisyaryo para kung kanino ang Porma I-130 ay nai-file, na siya ring kilala bilang isang deribatibong anak. Kung ang anak ay nagpakasal mula nang maaprubahan ang Porma I-130, siya hindi na |

| | |
|---|---|
| | isang anak sa ilalim ng INA kahit na siya ay mas bata sa edad 21, at hindi na maaaring makuha ang estado mula sa pangunahing benepisyaryo. |

## Paghiling ng Parole sa Ilalim ng Programang FWVP

### Mga Tip sa Pag-file

- **Ang mga nagpepetisyon ay kinakailangang mag-file ng mga aplikasyon para sa Programang FWVP para sa lahat ng mga miyembro ng pamilya na kaugnay sa parehong nakapaloob na naaprubahang Porma I-130 sa parehong pagkakataon.** Ang mga deribatibong benepisyaryo ay mabibigyan lamang ng konsiderasyon para sa parole kung ang pangunahing benepisyaryo sa Porma I-130 ay naaprubahan para sa parole. Ang mga deribatibong benepisyaryo ay hindi kartapat-dapat para sa Programang FWVP sa kanilang sariling paraan, at ang anumang mga aplikasyon para sa Porma I-131 na iyong ipa-file sa ngalan nila ay hindi mapapahintulutan kung ang pangunahing benepisyaryo ay hindi naaprubahan para sa parole.

- **Paghiling sa Pagdagdag sa Asawa o Anak sa isang Naaprubahang Porma I0130 (Dagdag na Deribatibong mga Benepisyaryo).** Kung ang pangunahing benepisyaryo ay nagpakasal o nagkaanak simula ng maaprubahan ang pinagbabatayang Porma I-130, ikaw ay maaaring mag-file ng isang aplikasyon para sa Programang FWVP sa ngalan ng asawa o anak na mas bata sa edad 21 ng naturang pangunahing benepisyaryo (na karaniwang tinutukoy bilang isang “dagdag” na deribatibo).

- **Ang mga deribatibong mga anak na nakalista sa inaprubahang Porma I-130 na nasa edad na 21 na o magiging 21 pa lamang o mas matanda pa bago mo wastong nai-file ang aplikasyon para sa Programang FWVP, ay hindi magiging karapat-dapat para sa programang FWVP. Ang petsang ang aplikasyon ay naikonsiderang nai-file ay ang pesta kung saan ito ay natanggap ng USCIS.** Kung ikaw ay nag-file ng aplikasyon sa ngalan ng isang deribatibong anak at ito ay aming natanggap pagkatapos na ang iyong anak ay maging 21 taon gulang, tatanggihan namin ang iyong aplikasyon.

### Paano Humiling ng Parole

Kung ikaw (ang nagpepetisyon) ay nagnanais na ang iyong mga kamag-anak ay mabigyan ng konsiderasyon para sa Programang FWVP, kinakailangan mong sundin ang mga instruksyon na tinukoy para sa Programang FWVP na nakalista sa ibaba at isumite ang kinakailangang dokumentasyon sa Lockbox:

1. Kumpletuhin ang Porma I-131, Aplikasyon para sa Dokumento sa Paglalakbay:

Kumpletuhin ang isang hiwalay na Porma I-131 para sa bawat miyembro ng pamilyang karapat-dapat na lumahok sa Programang FWVP.

- Kumpletuhin ang mga bahaging 1, 2, 7, 8 at 9 ng Porma I-131;
  - Tandaang ang Bahagi 1 ay humihiling ng impormasyon tungkol sa iyo, ang nagpepetisyon.
  - Sa ilalim ng Bahagi 2, Uri ng Aplikasyon, i-tsek ang kahong 1.F, ***Ako ay nag-aaplay para sa dokumentong Advance Parole para sa taong nasa labas ng Estados Unidos*** **(Tandaan:** I-tsek ang kahong ito kahit na ang iyong benepisyaryo ay kasalukuyang naninirahan sa Estados Unidos); Ang mga aytem 2.A-2.P ay humihiling ng impormasyon tungkol sa miyembro ng iyong pamilya, ang benepisyaryo;
  - Sa ilalim ng Bahagi 8, pirmahan mo ito, bilang nagpepetisyon.
- Isulat ang “FWVP” sa malalaking titik sa itaas ng Porma I-131;
- Isama ang kopya ng iyong Porma I-797, Paunawa ng Aksyon, paunawa ng pag-apruba ng Porma I-130, na-print na Estado ng Kaso Online na nagpapakita ng pag-apruba sa Porma I-130, o ibang ebidensya ng pag-apruba ng iyong Porma I-130; at
- Isama ang naaangkop na kabayaran ko ang kahilingan sa fee waiver. (Ang mga aplikante ay maaaring humiling ng isang fee waiver sa pamamagitan ng pagsumite ng Porma I-912, Kahilingan para sa Fee Waiver. Para sa mga instruksyon, mangyaring tingnan ang Patnubay sa Fee Waiver ng USCIS.)

2. Kumpletuhin ang Porma I-134, Apidabit ng Pagsuporta:

Kumpletuhin ang isang hiwalay na Porma I-134 para sa bawat miyembro ng pamilya. Sundin ang mga instruksyon sa porma na ibinibigay Web page ng Porma I-134. Gaya ng kailangan, ikaw ay maaaring magsumite ng mga Porma I-134 mula sa maraming mga isponsor upang magbigay ng sapat na ebidensya na ang mga isponsor ay may kita o mga pinansyal na mapagkukunan upang masuportahan ang bawat miyembro ng pamilya.

3. Isama ang ebidensyang ikaw ay isang Pilipinong beterano ng WWII, gaya ng inilarawan sa ilalim ng seksyon 405 ng IMMACT90, gaya ng nabago ng Seksyon 112 ng Batas ng mga Paglalaan ng Kagawaran ng Hustisya, 1998,) o ang naiwang asawa ng naturang indibidwal. Kung ikaw ay isang nagpepetisyon sa sarili, isama ang ebidensyang ikaw ay anak o kapatid ng pumanaw na Pilipinong veterano, at na ang kaugnayan ay umiral noong o bago ang ika-9 ng Mayo, 2016; na ang pumanaw na Pilipinong beterano ay may nagpapakarapat-dapat na serbisyong pangmilitar ng WWII, gaya ng nabanggit sa itaas, at naninirahan sa Estados Unidos sa panahon ng pagpanaw, at ang asawa ng beterano ay pumanaw na rin.

**Tandaan:** Kinakailangan mong magsumite ng isang hiwalay na Porma I-131, at isang hiwalay na Porma I-134 **para sa bawat kamag-anak** na nais mong mabigyan ng konsiderasyon para sa parole sa ilalim ng Programang FWVP. Kinakailangan mo ring bayaran ang anumang angkop na kabayaran para sa bawat aplikasyon o humiling ng fee waiver.

### Pagsusumite ng Pakete ng Iyong Aplikasyon

Kinakailangan mong mag-file para sa lahat ng mga karapat-dapat na mga kamag-anak na kaugnay sa parehong naaprubahang Porma I-130 sa parehong panahon upang ang mga ito ay sama-samang maiproseso. Isumite ang lahat ng mga aplikasyon at mga kaugnay na sumusuportang mga dokumento, kabilang ang mga kabayaran sa pag-file o isang kahilingan sa fee waiver, sa isang pakete sa adres na ito **lamang**:

**USCIS**
**PO Box 8500**
**Chicago, IL 60680-4120**

Ang pagkabigong magsumite ng mga pinagsama-samang mga aplikasyon ay maaaring makaapekto sa aming abilidad na madetermina ang kanilang elihibilidad sa programa, ay maaari naming tanggihan ang lahat o ang ilan sa mga kaugnay na mga aplikasyon.

Ikaw ay hindi maaaring mag-file ng iyong aplikasyon nang elektroniko sa aming sistema ng pag-file online sa oras na ito.

### Mga Gastusin

Kinakailangan mong magbayad ng mga kabayaran para Porma I-131, Aplikasyon para sa Dokumento sa Paglalakbay, para sa bawat aplikasyon na iyong isusumite para sa isang miyembro ng pamilya, o maaari kang mag-aplay para sa isang fee waiver. Sapagkat ang mga kabayaran ay nababago, kinakailangan mong tingnan ang iskedyul ng kabayaran sa USCIS bago mag-file ng anumang petisyon o aplikasyon. Kinakailangan mo ring sagutin ang lahat ng mga gastusing kaugnay sa pagdalo sa interbyu sa ibang bansa, kabilang ang pagkumpleto sa medikal na eksaminasyon at paglakbay sa Estados Unidos.

## Pagproseso ng Iyong Aplikasyon;

Ang paggawad ng parole ay hindi awtomatiko. Gagamitin namin ang aming mabuting pagpapasiya upang ma-awtorisa ang parole sa batayang ayon sa kaso. Sa pangkalahatan, kami ay mag-a-awtorisa lamang ng parole sa mga benepisyaryo na tumutugon sa mga pangangailangan sa elihibilidad ng FWVP at pati na rin ang:

- Pagpasa ng mga background tsek na pangkriminal at pambasang seguridad;
- Pagpasa sa medikal na eksam; at
- Paggarantiya ng isang mainam na paggamit ng pagpapasya.

Pagkatapos mong magfile ng iyong aplikasyon sa Lockbox ng USCIS, ang pakete ay ipapasa sa isang sentro ng serbisyo ng USCIS para sa panghuhusga.

Ang sentro ng serbisyo ay magbeberipika na ikaw ay kwalipikadong magsumite ng aplikasyon at magrerepaso ng dokumentasyon upang madetermina kung ang iyong benepisyaryo ay maaaring maging kwalipikado para sa parole. Ang sentro ng serbisyo ay maaaring humiling ng karagdagang ebidensya, tumanggi o mag-apruba sa iyong aplikasyon nang may kondisyon.

Kung ang sentro ng serbisyo ay nag-aapruba sa iyong aplikasyon nang may kondisyon, ito ay ipapasa sa Kagawaran ng Estado (DOS) Pambansang Sentro ng Visa (NVC). Ang NVC ay maglilipat ng iyong kaso sa tanggapan ng USCIS o sa Embahada o Konsulado ng Estados Unidos sa ibang bansa kung saan ang iyong benepisyaryong kamag-anak ay mai-interbyu.

Kung aming tatanggihan ang iyong Porma I-131, ang desisyon ay natapos na. Ngunit, ang iyong benepisyaryo ay maaari paring maging karapat-dapat para sa pagproseso ng immigrant visa batay sa naaprubahang Porma I-130 sa ngalan nila. Kapag ang immigrant visa ng benepisyaryo ay makukuha na, siya maaari nang magsimula sa proseso ng pag-aaplay para sa immigrant visa.

Ito ay maaaring abutin ng anim na buwan upang maproseso ang isang aplikasyon para sa FWVP mula sa panahon na aming natanggap ang iyong aplikasyon sa pag-isyu ng dokumento sa paglalakbay. Ang panahong kailangan upang makapagdesisyon sa kaso ay mag-iiba depende sa mga isyung naitaas at kung kami ay nangangailangan ng karagdagang ebidensya.

## Kahilingan para sa Ebidensya

Kung ang sentro ng sebisyo ay natagpuang ang aplikasyon ay kulang sa kinakailangang ebidensya o ang karagdagang ebidensya o impormasyon ay kailangan, sila ay magpapadala sa iyo ng Kahilingan para sa Ebidensya (RFE). Kinakailangan mong magbigay ng ebidensyang hiniling ng RFE, o patunayang ang ebidensya ay hindi makukuha at magsumite ng sekondaryang ebidensya sa halip nito. Ang iyong aplikasyon ay maaaring hindi mapahintulutan kung ikaw ay hindi tumugon sa RFE sa loob ng kinakailangang haba ng panahon.

## Interbyu ng Benepisyaryo

**Tandaan: Mangyaring huwag subukang direktang mag-iskedyul ng appointment sa Internasyunal na Tanggapan ng USCIS o sa Embahada o Konsulado ng Estados Unidos. Ikaw ay bibigyan ng notipikasyon kapag nai-iskedyul na ang iyong appointment para sa interbyu.**

Depende sa iyong lugar, ikaw (ang pangunahing benepisyaryo) ay maaaring ma-interbyu ng isang opisyal ng USCIS o konsular na opisyal ng DOS sa Embahada o Konsulado ng Estados Unidos. Pagkatapos matanggap ang aplikasyon mula sa NVC, ang USCIS o DOS ay mag-iiskedyul ng appointment para sa interbyu at magbibigay ng impormasyon tungkol sa anumang mga pangangailangan bago ang interbyu, kabilang ang mga instruksyon sa pagkumpleto ng medikal na eksaminasyon.

Sa araw ng interbyu, ang kawani ng USCIS o ang mga konsular na opisyal ng DOS ay mag-iinterbyu sa iyo at sa mga deribatibong benepisyaryo upang iberipika ang inyong mga identidad at ikumpirma ang iyong elihibilidad para sa parole sa ilalim ng Programang FWVP.

### Paghahanda para sa Interbyu

Sa araw ng kanilang interbyu, kinakailangan mong dalhin ang:

- Isang porma ng identipikasyon na nai-isyu ng pamahalaan;
- Pasaporte;
- Mga orihinal na sibil na mga dokumento na sumusuporta sa kanilang elihibilidad para sa programa, na karagdagan sa sertipikadong mga pagsasalin sa Ingles ng mga dokumentong ito;
- Mga resulta ng medikal na eksaminasyon; at
- Isang kopya ng iyong paunawa sa appointment ng iskedyul ng iyong interbyu.

## Proseso Pagkatapos ng Interbyu

**Tandaan:** Ang mga benepisyaryo ay HINDI kinakailangang magsagawa ng anumang permanenteng mga aksyon—kagaya ng pagbenta o pagbili ng ari-arian, pagbitiw sa trabaho o pag-hinto sa pag-aaral—hangga’t napasakamay na nila ang dokumento ng parole sa paglalakbay para sa Programang FWVP.

**Kung ang iyong paglalakbay ay naaprubahan:**

- Ang kawani ng Embahada ng Estados Unidos ay mag-iisyu sa iyo ng mga kinakailangang dokumento sa paglalakbay. Ang mga dokumentong ito ay magpapahintulot sa iyo na maglakbay sa Estados Unidos at humiling ng parole mula sa isang opisyal ng CBP sa puwerto ng pagpasok. Ang CBP ay magrerepaso sa mga documento at, sa pagpalagay na ang lahat ay nasa kaayusan, ay magpa-parole sa iyo sa Estados Unidos para sa tatlong taon.
- Kinakailangan mong isaayos at bayaran ang iyong paglalakbay.

**Kung ang iyong paglalakbay ay hindi naaprubahan:**

- Kami ay magpapadala ng isang nakasulat na notipikasyon na ikaw ay hindi naaprubahan sa Estados Unidos. Ang nagpepetisyon sa iyo ay tatanggap din ng nakasulat na notipikasyon ng desisyon.

### Kung Aming Tatanggihan Ang Parole

- Ang aming desisyon sa pagtanggi sa iyong parole ay natapos na, at wala nang karapatang umapila.
- Kung aming tatanggihan ang iyong parole sa ilalim ng Programang FWVP, ikaw ay maaari pa ring maging karapat-dapat para sa pagproseso ng immigrant visa batay sa naaprubahang Porma I-130 na nai-file sa ngalan mo. Kung ikaw ay karapat-dapat pa ring mag-aplay para sa immigrant visa, maaari mong gawin ito kung ang iyong immigrant visa ay maaari mo nang makuha.
- Sa mga natukoy na kalagayan, ang dahilan na ang parole ay hindi napahintulutan ay maaari ring maging dahilan para sa aming bawiin ang pag-apruba sa iyong pinagbabatayang Porma I-130. Kung ang pag-apruba sa Porma I-130 ay nabawi, ikaw ay hindi na maaaring maging karapat-dapat para sa immigrant visa. Gagawin namin ang mga pagpapasiyang ito sa batayang ayon sa kaso.

## Ano Ang Kahulugan ng Pagiging Isang Parolee

Ang parole ay pansamantala at, sa kaniyang sarili, ay hindi nahahantong sa estadong pang-imigrasyon o sa pagiging karapat-dapat para sa Green Card. Ito ay nagpapahintulot lamang sa iyong manatili sa Estados Unidos para sa panahong ang parole ay awtorisado (sa pangkalahatan, 3 taon para sa isang indibidwal na na-parole sa ilalim ng Programang FWVP) at upang mag-aplay para sa awtorisasyon sa trabaho. Upang makakuha ng estadong LPR (isang Green Card), kinakailangan mong mag-aplay at tugunan ang mga pangangailangan sa elihibilidad ng estadong LPR.

### Awtorisasyon sa Trabaho

Sa oras na ikaw ay na-parole sa Estados Unidos sa ilalim ng Programang FWVP, ikaw ay magiging karapat-dapat na mag-aplay sa USCIS para sa awtorisasyong makapagtrabaho. Kinakailangan mong magsumite ng Porma I-765, Aplikasyon para sa Awtorisasyon sa Trabaho, na may kinakailangang kabayaran o kahilingan para sa fee waiver, kung ninanais mong mag-aplay para sa awtorisasyon sa trabaho.

### Muling pagpa-parole

Kung ikaw ay na-parole sa Estados Unidos sa ilalim ng Programang FWVP, ikaw ay inaasahang mag-aplay para sa estadong LPR (isang Green Card) sa oras na ang iyong visa ay maaari nang makuha. Batay sa impormasyong nasa Buletin ng Visam maaaring umabot sa maraming taon bago malagay sa kasalukuyan ang mga visa ng mga benepisyaryo ng FWVP. Responsibilidad mong maghangad ng muling pagpa-parole sa Estados Unidos hanggang isa ikaw ay maging karapat-dapat sa pag-aayos ng iyong estado. Kinakailangan mong mag-aplay para sa muling pagpa-parole nang hindi bababa sa 90 araw bago ang paglipas ng iyong parole.

Kung ikaw ay mananatili sa Estados Unidos nang lampas sa panahon ng iyong parole nang hindi nag-aaplay sa pag-aayos ng estado o nag-aaplay para sa pagpapahaba ng panahon ng iyong parole, ikaw ay mananatili na Estados Unidos nang labag sa batas. Ito ay maaaring magkaroon ng mga seryosong pang-imigrasyon na kahihinatnan.

### Pag-aaplay sa Green Card

Sa oras na maaari mo nang makuha ang iyong visa, ikaw ay kinakailangang mag-aplay para sa estado ng LPR (isang Green Card). Upang magawa ito, kinakailangan mong magfile ng Porma I-485, Aplkasyon upang Iparehistro ang Permanenteng Pagkaresidente o Pag-aayos ng Estado, na may kasamang kailangang kabayaran. Ang mga instruksyon sa kung paano mag-file ng Porma I-485 ay ibinibigay sa uscis.gov/i-485.

Mangyaring tandaang kung ikaw ay nagtrabaho nang hindi ayon sa batas o walang awtorisasyon ng Estados Unidos, ikaw ay maaaring mangailangang mag-aplay at maiproseso sa ibang bansa para sa immigrant visa sa halip na mag-aplay para sa estado ng LPR sa Estados Unidos.

## Pagprotekta ng Sarili mula sa Pandaraya

Habang iyong sinisimulan ang paghiling sa parole sa ilalim ng Programang FWVP, makakatulong na matandaang:

- **Ang USCIS at DOS ay malakas na nanghihikayat sa iyo at sa mga miyembro ng iyong pamilya na manatiling mapagbantay tungkol sa posibilidad ng mga indibidwal na nagpapahayag na sila ay mga kinatawan ng pamahalaan ng Estados Unidos na humihingi ng salapi.** Ang mga indibidwal na ito, na karaniwang tinatawag na “mga iskamer,” ay maaaring sumubok na manlinlang sa iyo sa pagbayad sa kanila

sa pamamagitan ng pag-alok ng pagtulong sa pag-file ng mga aplikasyon para sa Programang FWVP. Para sa dagdag na kaalaman tungkol sa mga karaniwang iskam sa imigrasyon at kung paano i-report ang mga iskamer, mangyaring bisitahin ang aming Web page sa Pag-iwas sa mga Iskam.

- **Ang mga Website na nagtatapos sa ".gov" ay mga opisyal na website ng pamahalaan.** Ang impormasyon sa mga opisyal na website ng pamahalaan ng Estados Unidos na nagtatapos sa ".gov" at opisyal at tama. Ang mga opisyal na mga email adres ng pamahalaan ng Estados Unidos at nagtatapos din sa ".gov" at anumang pakikipagtalastasang nagmumula sa isang adres na hindi nagtatapos sa ".gov" ay nararapat na paghinalaan.